

Sintaktikong Istruktura ng Idyomang Meranaw: Isang Analisis *Syntactic Structure of Meranaw Idiom: An Analysis*

Mansawi D. Obinay¹

¹Mindanao State University-Main Campus

*Korespondensiyang awtor: obinay.md774@s.msumain.edu.ph

Natanggap: Mayo 27, 2026

| Nirebisa: Hunyo 10, 2026

| Tinanggap: Hunyo 18, 2026

| Inilathala: Hulyo 20, 2026

Abstrak (Filipino)

Layunin sa pag-aaral na ito ang mailarawan at masuri ang sintaktikong istruktura ng mga idyomang Meranaw at matukoy ang mga sintaktikong limitasyon (constraints) ng mga ito batay sa balangkas nina Espinal at Mateu (2019). Ginamit ang deskriptibong kwalitatibong disenyo sa pamamagitan ng *semantic content analysis*. Ang mga datos ay nagmula sa apat na piling nakalimbag na aklat at babasahing pampanitikan sa wikang Meranaw. Mula sa 100 natukoy na idyoma, 93 ang napatunayang balido sa pamamagitan ng balidasyon ng tatlong taal na tagapagsalita ng wikang Meranaw, at 58 ang tumugma sa pamantayan ng pag-aaral bilang pinal na korpus. Isinailalim ang mga ito sa pagsusuri upang matukoy ang kakayahan nitong sumailalim sa mga pagbabagong sintaktiko tulad ng paglalapi, pagbabago ng aspekto ng pandiwa, paggamit ng mga marker, panghalip, *modifier*, at pagbabago ng ayos ng mga sangkap nang hindi nawawala ang kanilang idyomatikong kahulugan. Lumabas sa pagsusuri na ang mga idyomang Meranaw ay nahahati sa limang uri: *quasi-idioms*, *phrasal idioms*, *clausal idioms*, *idiomatic phrases*, at *idiomatically combining expressions*. Natuklasan ding ang ilang idyoma ay nagpapakita ng sintaktikong fleksibilidad habang ang iba ay may mahigpit na limitasyon sa paggamit ng mga marker at pagbabago ng istruktura upang mapanatili ang kanilang di-komposisyonal na kahulugan. Ipinakikita ng pag-aaral na ang mga idyomang Meranaw ay hindi lamang mahalagang yunit ng wika kundi salamin din ng kultura at pananaw ng mga Meranaw, kaya't nakapag-aambag ito sa dokumentasyon ng wikang Meranaw at sa pagpapalawak ng pag-aaral sa sintaks at idyomatikong pagpapahayag ng mga katutubong wika sa Pilipinas.

Susing-salita: Wikang Meranaw, Idyomang Meranaw, Sintaks, Semantika, Constraint

Abstract (English)

This study aimed to describe and analyze the syntactic structure of Meranaw idioms and determine their syntactic constraints based on the framework of Espinal and Mateu (2019). A descriptive qualitative research design employing semantic content analysis was utilized. The data were gathered from four selected published books and literary texts written in the Meranaw language. Of the 100 identified idiomatic expressions, 93 were validated by three native Meranaw speakers, while 58 met the study's criteria and constituted the final corpus. These idioms were analyzed to determine their ability to undergo syntactic modifications, such as affixation, changes in verbal aspect, the use of grammatical markers, pronouns, modifiers, and alterations in constituent order, without losing their idiomatic meaning. The findings revealed that Meranaw idioms can be classified into five categories: quasi-idioms, phrasal idioms, clausal idioms, idiomatic phrases, and idiomatically combining expressions. The study further found that while some idioms exhibit syntactic flexibility, others are subject to strict constraints regarding the use of markers and structural modifications to preserve their non-compositional meanings. These findings demonstrate that Meranaw idioms are not merely linguistic units but also reflections of the culture and worldview of the Meranaw people. Consequently, this study contributes to the documentation of the Meranaw language and enriches linguistic research on syntax and idiomatic expressions in the indigenous languages of the Philippines.

Keywords: Meranaw Language, Meranaw Idiom, Syntax, Semantics, Constraint

Pagsipi (To cite):

Obinay, M. (2026). Sintaktikong Istruktura ng Idyomang Meranaw: Isang Analisis. *Sindaw Journal*, 1(1), 15-26. <https://doi.org/10.5281/zenodo.22058867>



1. Introduksyon

Bahagi ng kompleksidad at pagiging malikhain ng bawat likas na wika ang kakayahan nitong makalikha ng mga pahayag na ang kahulugan ay hindi lamang nakabatay sa literal na pagsasama-sama ng mga salita, parirala, o pangungusap. Isa sa mga manipestasyon nito ang mga idyoma o idyomatikong pagpapahayag na nagtataglay ng di-komposisyonal na kahulugan kung saan ang kabuuang kahulugan ng isang pahayag ay hindi maaaring mahinuha mula sa literal na kahulugan ng bawat salitang bumubuo rito. Kinikilala ang mga idyoma bilang mahalagang bahagi ng kakayahang lingguwistiko ng isang taal na tagapagsalita sapagkat nangangailangan ang mga ito ng mataas na antas ng kaalamang semantiko, sintaktiko, at pragmatiko upang maunawaan at magamit nang wasto. Ang mga idyoma ay hindi lamang mga ekspresyong pangwika kundi mga yunit na nagsisilbing tagapagdala ng kultura, karanasan, at kolektibong pananaw ng isang pamayanan. Sa ganitong pananaw, ang pag-aaral ng mga idyoma ay hindi lamang nakatuon sa kanilang kahulugan kundi maging sa paraan ng kanilang pagbuo at paggamit sa loob ng sistemang pangwika.

Sa larangan ng linggwistika, ang pag-aaral ng mga idyoma ay hindi maaaring ihiwalay sa sintaks at semantika sapagkat ang dalawang sangay na ito ang nagpapaliwanag kung paano nabubuo at nabibigyang-kahulugan ang mga istrakturang lingguwistiko. Ang sintaks ay tumutukoy sa sistematikong organisasyon ng mga salita upang makabuo ng mga istrakturang gramatikal na may kabuluhan, samantalang ang pagsusuri sa sintaktikong organisasyon ay hindi lamang nakatuon sa pagkakaayos ng mga salita kundi maging sa mga prinsipyong nagtatakda ng kanilang ugnayan sa loob ng pangungusap (Mariani, 2019). Kaugnay nito, ang semantika ay nakatuon sa interpretasyon ng kahulugan ng mga salita at pahayag (Bagha, 2011), habang ang kahulugan ay hindi lamang nakasalalay sa mga indibidwal na salita kundi sa kanilang ugnayan sa loob ng isang istruktura at sa kontekstong kanilang ginagalawan (Salloum, 2020). Kaugnay nito, nananatiling mahalagang paksa ng lingguwistikang pagsusuri ang mga idyoma sapagkat ipinakikita ng mga ito na ang kahulugan ay maaaring lumitaw mula sa masalimuot na interaksyon ng sintaks at semantika at hindi lamang sa literal na interpretasyon ng mga bahaging leksikal.

Sa ganitong konteksto, malawak nang kinikilala ang mga idyoma bilang mga ekspresyong may natatanging katangiang semantiko at sintaktiko. Binanggit nina Espinal at Mateu (2019), batay sa klasikong paglalarawan ni Fraser (1970), na ang mga idyoma ay mga konstituyuent o serye ng mga konstituyuent na ang semantikong interpretasyon ay hindi komposisyonal na tungkulin ng mga elementong bumubuo rito. Gayunpaman, binigyang-diin din nila na ang pagiging di-komposisyonal ng isang idyoma ay hindi nangangahulugang wala itong sistematikong organisasyong sintaktiko. Sa halip, nagkakaiba ang antas ng *syntactic flexibility* ng mga idyoma depende sa kanilang panloob na istruktura at sa lawak ng kanilang kakayahang sumailalim sa iba't ibang operasyong sintaktiko. Ang pag-aaral sa mga idyoma ay hindi lamang usapin ng pagtukoy sa kanilang kahulugan kundi ng pagsusuri sa ugnayan ng istruktura at interpretasyon, isang usaping patuloy na pinayayaman ng kontemporaryong linggwistika.

Pinauunlad ito ng iba't ibang pag-aaral sa ibang wika. Ang mga *English verbal idioms* ay hindi maituturing na magkakatulad ang sintaktikong katangian sapagkat nagkakaiba ang kanilang antas ng *compositionality*, *internal syntactic structure*, *syntactic flexibility* at ang mga *idiomatically combining expressions* at *idiomatic phrases* ay may magkakaibang kakayahang sumailalim sa mga sintaktikong pagbabago, na nagpapahiwatig na ang mga idyoma ay may aktibong panloob na istruktura at hindi lamang mga nananatiling ekspresyon. Ang mga idyoma ay sabay na kumikilos bilang mga *lexical item* at mga sintaktikong parirala, dahilan upang mahalagang suriin ang kanilang representasyong sintaktiko sa halip na ituring lamang silang mga yunit na nakapaloob sa leksikon (Nediger, 2017). Samantala, ang wastong paglalarawan sa istruktura ng mga idyoma

ay mahalaga hindi lamang sa linggwistika kundi maging sa pagsasalin, sapagkat ang tamang pagkilala sa kanilang sintaktikong organisasyon ang nagiging batayan ng wastong paglilipat ng kahulugan sa ibang wika.

Higit pang pinalawak ng mga bagong pag-aaral ang pag-unawa sa ugnayan ng sintaks at kahulugang idyomatiko. Bagama't laganap ang mga idyoma sa lahat ng wika, nananatiling hindi sapat ang mga pag-aaral na nagpapaliwanag sa kanilang sintaktikong organisasyon. Samantala, ang mga *idiomatic constructions* ay hindi ganap na maipaliliwanag sa pamamagitan lamang ng mga tradisyonal na tuntunin ng sintaks sapagkat nakaaapekto rin ang istruktura ng impormasyon at kontekstong komunikatibo sa kanilang interpretasyon (Trotzke, 2015). Kaugnay nito, ang pagsusuri sa *constituency* ng mga idyoma ay nagbibigay ng mas malalim na pag-unawa sa ugnayan ng sintaks at semantika (Riana, 2023), habang ang *verbal phrase constructions* ay nagsisilbing mahalagang batayan sa pagpapaliwanag kung paano nabubuo at gumagana ang mga idyoma bilang mga sintaktikong yunit (Lestari, 2019). Sa kabilang banda, ang kakulangan sa pag-unawa sa kanilang sintaktikong istruktura ay nagiging hadlang sa wastong interpretasyon, paggamit (Mahmod, 2008), at maging sa epektibong pagtuturo ng wika (Yusifova, 2013). Ipinakikita ng mga pag-aaral na ito na ang mga idyoma ay hindi lamang mga ekspresyong may natatanging kahulugan kundi mga lingguwistikong yunit na nagtataglay ng masalimuot na organisasyong sintaktiko at semantiko na nangangailangan ng masusing pagsusuri.

Isa sa mga wikang katutubo sa Pilipinas na nagtataglay ng mayamang tradisyong idyomatiko ay ang wikang Meranaw, na kabilang sa pangkat ng mga wikang Danao at pangunahing sinasalita sa mga lalawigan ng Lanao del Sur, Lanao del Norte, at ilang karatig na lugar sa Mindanao. Bilang isa sa mga pangunahing wika ng mga Meranaw, nagsisilbi itong mahalagang daluyan ng kanilang kasaysayan, kultura, panitikan, at pagkakakilanlan. Taglay ng wikang ito ang iba't ibang anyo ng malikhaing pagpapahayag na sumasalamín sa kanilang pananaw sa buhay, sistemang pagpapahalaga, at kolektibong karanasan bilang isang pamayanang pangwika. Kabilang sa mga anyong ito ang mga idyomatikong pagpapahayag na ginagamit sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan, panitikang-bayan, at iba pang diskursong panlipunan. Bilang bahagi ng yamang lingguwistiko ng mga Meranaw, ang mga idyoma ay hindi lamang nagsisilbing malikhaing paraan ng pagpapahayag kundi nagsasakonteksto rin ng kanilang kaalaman, paniniwala, at kultura. Dahil dito, mahalagang maisagawa ang masusing pagsusuri sa mga idyomang Meranaw hindi lamang bilang mga ekspresyong pangkultura kundi bilang mga lingguwistikong yunit na maaaring magbigay-liwanag sa ugnayan ng sintaktikong istruktura at kahulugang idyomatiko. Ang dokumentasyon at pagsusuri sa mga katutubong wika ay mahalagang hakbang sa pagpapalawak ng kaalaman hinggil sa pagkakaiba-iba ng mga sistemang lingguwistiko sa Pilipinas (Esconde, 2023).

Ang puwang na ito sa literatura ang siyang tinutugunan ng kasalukuyang pag-aaral. Hindi lamang layunin nitong ilarawan ang sintaktikong istruktura ng mga idyomang Meranaw, kundi higit na maipaliwanag kung paano nakikipag-ugnayan ang kanilang istrukturang sintaktiko sa pagbuo at pagpapanatili ng kahulugang idyomatiko. Sa halip na ituon lamang ang pagsusuri sa semantikong kahulugan o sa pagkakategorya ng mga idyoma, sinusuri ng pag-aaral ang mga ito bilang mga lingguwistikong yunit na may sistematikong organisasyong sintaktiko na maaaring magpakita ng iba't ibang antas ng *syntactic flexibility*, *constituency*, at *lexical integrity*. Sa ganitong paraan, hindi lamang nito pinupunan ang kakulangan ng empirikal na pag-aaral hinggil sa mga idyomang Meranaw kundi sinusubok din kung ang mga sintaktikong prinsipyong inilalarawan sa mga naunang pag-aaral ay maipaliliwanag din ang mga idyoma sa wikang Meranaw o kung may mga natatanging katangiang maaaring magbigay ng bagong pananaw sa umiiral na literatura.

Bilang teoretikal na batayan, ginagamit sa pag-aaral na ito ang balangkas nina Espinal at Mateu (2019) hindi lamang bilang batayan sa pagkilala at paglalarawan ng mga sintaktikong anyo

ng mga idyoma kundi bilang isang teoretikal na lente sa pagsusuri ng ugnayan ng sintaktikong organisasyon at di-komposisyonal na kahulugan. Sa pamamagitan ng balangkas na ito, sinusuri kung paano naipakikita ng mga idyomang Meranaw ang mga prinsipyong *non-compositionality*, *lexical integrity*, at *syntactic flexibility*, at kung hanggang saan maaaring sumailalim ang mga ito sa iba't ibang operasyong sintaktiko nang hindi nawawala ang kanilang idyomatikong interpretasyon. Kasunod nito, hindi lamang nilalayong patunayan ng pag-aaral ang mga paliwanag nina Espinal at Mateu, kundi suriin din kung ang mga ito ay sapat na mailalapat sa isang katutubong wikang Austronesyano gaya ng Meranaw. Sa gayon, ang balangkas ay nagsisilbing hindi lamang instrumento sa pagkakategorya ng datos kundi isang analitikal na lente sa pagpapaliwanag ng mga natuklasan at sa pagbuo ng mga teoretikal na implikasyon mula sa pag-aaral.

Layunin ng pananaliksik na maging panimulang pagsusuri sa sintaktikong istruktura ng mga idyomang Meranaw batay sa balangkas nina Espinal at Mateu (2019), gayundin ang ugnayan ng kanilang istrukturang sintaktiko at di-komposisyonal na kahulugan. Inaasahang makapaga-aambag ang pag-aaral sa dokumentasyon at pagpapanatili ng wikang Meranaw sa pamamagitan ng sistematikong paglalarawan ng mga idyomang hindi pa nasusuri mula sa perspektibong sintaktiko. Magpapalawak din ito ng umiiral na kaalaman sa linggwistikang Pilipino hinggil sa sintaktikong katangian ng mga idyoma sa isang katutubong wika. Higit pa rito, inaasahang makapagbibigay ang pag-aaral ng empirikal na ebidensiyang maaaring magpatibay, magpalawak, o magbigay ng bagong pananaw sa mga paliwanag nina Espinal at Mateu (2019) tungkol sa ugnayan ng sintaktikong organisasyon at kahulugang idyomatiko. Sa ganitong paraan, hindi lamang nadaragdagan ang dokumentadong kaalaman tungkol sa mga idyomang Meranaw, kundi nakapaga-aambag din ang pag-aaral sa mas malawak na diskurso hinggil sa sintaks ng mga idyoma sa iba't ibang wika.

2. Metodo

Ginamit sa pag-aaral na ito ang deskriptibong kwalitatibong disenyo sa pamamagitan ng *semantic content analysis* upang masusing mailarawan at masuri ang sintaktikong katangian ng mga idyomang Meranaw at ang mga limitasyon ng mga ito sa loob ng pangungusap. Ang mga datos ay nagmula sa apat (4) na piling nakalimbag na aklat at babasahing pampanitikan na nakasulat sa wikang Meranaw. Masusing binasa ng mananaliksik ang bawat teksto at itinala ang lahat ng mga idyoma batay sa kanilang paggamit sa loob ng pangungusap.

Bilang isang taal na tagapagsalita ng wikang Meranaw, nagsilbi ring paunang batayan ng mananaliksik ang kaniyang linggwistikong kakayahan sa pagtukoy ng mga posibleng idyoma. Nakapagtala ang mananaliksik ng isang daang (100) posibleng idyomang Meranaw na isinailalim sa balidasyon ng tatlong (3) nakatatandang taal na tagapagsalita ng wikang Meranaw. Ang mga balideytor ay binubuo ng isang ustad o guro sa madrasah, isang datu bilang tagapangalaga ng kultura, at isang propesyonal na aktibong gumagamit ng wikang Meranaw.

Gumamit ang mananaliksik ng *validation form* sa anyong tseklist at isinagawa ang balidasyon upang matiyak ang pagiging tunay at katumpakan ng bawat idyoma. Mula sa isang daang (100) paunang idyoma, siyamnapu't tatlo (93) ang kinilalang tunay na idyomatikong pagpapahayag. Ang mga ito ay muling sinuri batay sa balangkas nina Espinal at Mateu (2019), na ginamit hindi lamang bilang batayan sa pagkakategorya ng mga idyoma sa *quasi-idioms*, *phrasal idioms*, *clausal idioms*, *idiomatic phrases*, at *idiomatically combining expressions* kundi bilang teoretikal na lente sa pagsusuri ng ugnayan ng sintaktikong istruktura at ng pagpapanatili ng kanilang di-komposisyonal na kahulugan. Mula sa siyamnapu't tatlong (93) balidong idyoma, limampu't walo (58) ang tumugma sa mga pamantayang itinakda nina Espinal at Mateu (2019) at nagsilbing pinal na korpus ng pag-aaral. Ang mga napiling idyoma ay isinailalim sa pagsusuri ng kanilang

sintaktikong partisipasyon sa loob ng pangungusap upang matukoy kung maaari silang sumailalim sa mga prosesong gramatikal tulad ng paglalapi, pagbabago ng aspekto ng pandiwa, paggamit ng panghalip, at pagbabago ng kaayusan ng mga sangkap nito nang hindi nawawala ang kanilang idyomatikong kahulugan. Sa pamamagitan nito, natukoy ang mga sintaktikong limitasyon (constraints) ng mga idyomang Meranaw.

Bago isinagawa ang balidasyon, ipinaliwanag ng mananaliksik sa mga balideytor ang layunin ng pag-aaral, ang kanilang papel sa proseso ng balidasyon, at ang paraan ng paggamit ng kanilang mga tugon. Ang kanilang paglahok ay boluntaryo at isinagawa lamang matapos silang magbigay ng malayang pahintulot (informed consent). Tiniyak din ng mananaliksik ang pagiging kumpidensiyal ng kanilang mga personal na impormasyon sa pamamagitan ng hindi paglalathala ng kanilang mga pangalan at paggamit lamang ng kanilang mga tugon para sa layuning akademiko. Sinunod din sa buong proseso ng pananaliksik ang mga umiiral na pamantayang etikal sa pangangalap, pagsusuri, at pag-uulat ng mga datos.

3. Resulta at Diskusyon

Ang mga idyomang Meranaw ay may natatanging kahulugan na hindi laging maaaring mahango mula sa literal na kahulugan ng mga salitang bumubuo rito. Maaaring dagdagan ng mga afiks (o panlapi) ang isang idyoma upang mabago ang anyo ng pandiwa at ipakita ang aspeto nito, tulad ng perpektibo o imperpektibo. Bukod pa rito, maaaring baguhin ang aspeto ng idyoma sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga panlaping angkop kung kailan naganap o magaganap ang aksyon. Maaari ring palawakin ang kahulugan ng isang idyoma sa pamamagitan ng mga *modifier* tulad ng pang-uri at pang-abay, na naglalayong magbigay ng karagdagang detalye o paglalarawan sa ideya ng idyoma. Sa ganitong paraan, hindi lamang nakatutok ang mga idyomang Meranaw sa kanilang orihinal na pahayag, kundi maaari rin silang magbago ayon sa pangangailangan ng konteksto ng pangungusap na hindi ito nagiging literal.

Quasi-idioms

- | | | | | | | | | | |
|-----|-------------|-----|------|-----|-----|--|--|--|---|
| (1) | Minibolawan | | | | | | | | |
| | Perfbolawan | | | | | | | | |
| | | o | masa | so | mga | | | | kangodaan. |
| | | GEN | masa | NOM | Pl | | | | kangodaan |
| | | | | | | | | | 'Igininto ng panahon ang mga kabataan.' |
-
- | | | | | | | | | | |
|-----|---------------|-----|------|-----|-----|------------|--|--|--|
| (2) | Mambobolawan | | | | | | | | |
| | Imperfbolawan | | | | | | | | |
| | | o | masa | so | mga | kangodaan. | | | |
| | | GEN | masa | NOM | Pl | kangodan | | | |
| | | | | | | | | | 'Giniginto ng panahon ang mga kabataan.' |
-
- | | | | | | | | | |
|-----|---------|------|------|-----|-----|-------|------|---|
| (3) | Bolawan | a | oras | so | mga | gawii | a | mapiya. |
| | Bolawan | LINK | oras | NOM | PL | gawii | LINK | mapiya |
| | | | | | | | | 'Ginto ang oras sa mga magagandang araw.' |
-
- | | | | | | | |
|-----|-----------|------|-----|------|-----|-------------------------------|
| (4) | Bilantadi | ako | o | masa | a | bae. |
| | Bilantadi | 1SG. | NOM | masa | GEN | bae |
| | | | | | | 'Ako ay binibini ng panahon.' |
-
- | | | | | | | | | | |
|-----|------|-----|------|---------|-----|-----|-------|------|--|
| (5) | Oras | kon | a | bolawan | so | mga | gawii | a | mapiya. |
| | Oras | kon | LINK | bolawan | NOM | PL | gawii | LINK | mapiya |
| | | | | | | | | | 'Ang oras daw ay ginto sa mga magagandang araw.' |
-
- | | | | |
|-----|----------------|-----|------------------------|
| (6) | Miyakambolawan | si | ome |
| | Perfbolawan | NOM | ome |
| | | | 'Nagkaginto si nanay.' |

Makikita sa mga halimbawa (1) – (6) na ang mga *quasi-idiom* sa Meranaw ay nagpapakita ng limitadong sintaktiko at morpolohikal na fleksibilidad. Sa mga halimbawa (1) at (2), ang paglagay ng afiks na *mini-* at *mam-* sa *bolawan* ay hindi sumisira sa idyomatikong interpretasyon. Sa halip, ang mga afiks ay nagsasaad ng aspektuwal na impormasyong kinakailangan ng gramatika ng Meranaw. Ang pagbabagong morpolohikal ay nagaganap sa antas ng gramatikal na anyo ngunit hindi nito binabago ang kumbensiyonal na ugnayan ng *bolawan* at ng mahahalagang ideya.

Ipinahihiwatig din nito na ang isang leksikal na yunit sa loob ng idyoma ay maaaring maging bukas sa *inflectional* o *aspectual modification* kung ang naturang pagbabago ay hindi pumapalit sa leksikal na elementong nagsisilbing mahalagang bahagi ng idyomatikong interpretasyon, ang pagiging idyomatiko ng *bolawan* ay hindi nakatali sa iisang morpolohikal na anyo lamang.

Sa halimbawa (3), ang pagbabago mula *Oras a bolawan* tungo sa *Bolawan a oras* ay nagpapakita naman na ang idyomatikong kahulugan ay hindi ganap na nakatali sa isang *linear* na pagkakasunod-sunod ng mga salita. Gayunman, hindi ito nangangahulugang walang istruktural na limitasyon ang idyoma. Ang pagpapanatili ng marker na “a” ay mahalaga upang mapanatili ang gramatikal na relasyon ng mga yunit, maaaring magbago ang *linear order* habang nananatili ang kinakailangang sintaktikong ugnayan. Ipinahihiwatig nito na sa ilang *quasi-idiom*, higit na mahalaga ang relasyong istruktural kaysa sa tiyak na posisyon ng bawat salita.

Ang mga halimbawa (4) at (5) naman, maaaring magdagdag ng mga elemento tulad ng panghalip at pang-abay na kataga. Ang panghalip na *ako* at katagang *kon* ay nagbibigay ng impormasyong referensiyal at pragmatiko ngunit hindi binabago ang pangunahing idyomatikong interpretasyon. Ipinakikita nitong ang *lexical integrity* ng idyoma ay hindi nangangahulugang walang anumang elementong maaaring idagdag sa mas malawak na istruktura. Sa halip, maaaring tumanggap ng panlabas na materyal ang ekspresyon kung hindi nito pinapalitan o sinisira ang mga bahagi nito na kinakailangan sa idyomatikong pagbasa.

Sa halimbawa (6) naman, ang *miyaka-* sa *miyakambolawan* ay nagresulta ng literal na pagbasa na “nagkaginto”, ang morpolohikal na pagbabago ay hindi na lamang nagdadagdag ng aspektuwal na impormasyon kundi binabago nito ang *argument structure* at leksikal na interpretasyon ng *bolawan*, nawawala ang kumbensiyonal na ugnayang kinakailangan para sa idyomatiko nito. Ang kontrast ng mga halimbawa (6) ay nagpapakita ng may *idiomatic constraint* sa uri ng morpolohikal na operasyong maaaring tanggapin ng ekspresyon. Hindi ang simpleng pagkakaroon ng panlapi ang nagpapasiya kung mananatiling idyomatiko ang pahayag, kundi ang epekto ng panlapi sa sintaktiko-semantikong representasyon ng ekspresyon.

Samakatuwid, ang mga *quasi-idiom* sa Meranaw ay nagpapakita ng isang mahalagang ugnayan sa pagitan ng fleksibilidad at restriksiyon. Ang paglalapi, pagbabago ng ayos, at pagdaragdag ng ilang elementong gramatikal ay maaaring tanggapin, ngunit hindi lahat ng operasyong morpolohikal ay katanggap-tanggap. Sinusuportahan nito ang pananaw na ang sintaktikong fleksibilidad ng idyoma ay hindi nananatiling posisyon kundi nakasalalay sa uri ng pagbabagong inilalapat at sa pagpapanatili ng mga relasyong nagbibigay-daan sa idyomatikong interpretasyon.

Phrasal idioms

- (7) Magndod tano ko limo o Allah langon a tao.
 CONT-ndod tano 1SG.GEN limo GEN Allah langon LINK tao
 ‘Magbabalik sa Allah ang lahat ng tao.’

- (8) Pekabager so polaos o pamilya a maisa-isa.
 CONT-bager LINK polaos NOM pamilya LINK maisa-isa
 ‘Lumalakas ang haligi ng pamilyang nagkakaisa.’

- (9) Lomelengan sa madakel a gagaw si Moja.
Imperf-lengan GEN madakel LINK gagaw NOM Moja
'Umuubos ng maraming awa si Moja.'

- (10) So kataro na mala kiran i arga.
NOM kataro LINK mala 3PL.GEN NOM arga
'Ang salita ay may malaking halaga sa kanila.'

- (11) *Awid o akal so exam
Awid OBL akal NOM exam
'Nasa isip ang exam.'

Ang mga halimbawa (7) – (11) ay nagpapakita na ang *phrasal idioms* sa Meranaw ay may kakayahang sumailalim sa ilang pagbabagong morpolohikal at sintaktiko, ngunit ang fleksibilidad na ito ay sumusunod sa mga restriksiyong pang-istruktura. Sa halimbawa (7), ang paglalapi sa *mindod* ng *mag-* upang maging *magndod* ay nagbabago sa aspektuwal na katangian ng pandiwa ngunit hindi sa idyomatikong interpretasyon. Katulad ng halimbawa (8), ang pagbabago mula *mabager a polaos* tungo sa *pekabager so polaos* ay nagpapakita na maaaring baguhin ang morpolohikal na anyo nito, habang nananatili ang konseptuwal na ugnayang bumubuo sa idyoma. Mahalaga ang mga halimbawang ito sapagkat ipinapakita nito na ang idyomatikong kahulugan ay hindi nangangailangan ng ganap na pananatili ng mga salita. Ang ilang bahagi ay maaaring sumailalim sa regular na prosesong morpolohikal ng Meranaw. Gayunman, ang naturang fleksibilidad ay hindi nangangahulugang komposisyonal na agad ang buong ekspresyon.

Sa halimbawa (9), ang pagdaragdag ng *modifier* na *madakel* sa idyoma ay nagpapakita ng pagbabago sa loob ng idyoma. Ang katanggap-tanggap na modipikasyong ito ay mahalagang indikasyon ng sintaktikong fleksibilidad sapagkat ang *modifier* ay nakikipag-ugnayan sa isang bahagi ng ekspresyon nang hindi sinisira ang kabuuang idyomatikong kahulugan. Sa halip na maging ganap na hindi nahahating yunit, nagpapakita ang idyoma ng *internal structure* na maaaring lapatan ng modipikasyon.

Gayunman, ipinakikita naman ng mga halimbawa (10) at (11) na hindi lahat ng yunit ay may parehong antas ng kalayaan. Sa halimbawa (10), ang pagbabago ng ayos ay naging katanggap-tanggap lamang sa tulong ng marker na *na*. Ipinahihiwatig nito na ang syntactic flexibility ay nangangailangan pa rin ng pagpapanatili ng mga relasyong gramatikal sa pagitan ng mga bahagi ng idyoma. Sa halimbawa (11), ang pagpapalit ng *a* ng *o* sa *awid a akal* ay nagbubunga ng hindi katanggap-tanggap na pahayag. Ang marker, samakatuwid, ay hindi lamang opsiyonal na pandugtong kundi bahagi ng istruktural na kaayusan na nagbibigay-daan sa idyomatikong interpretasyon.

Samakatuwid, ang phrasal idioms sa Meranaw ay nagpapakita ng *selective syntactic flexibility*. Maaaring baguhin ang aspektuwal na anyo, magpasok ng *modifier*, at magsagawa ng ilang pagbabago sa ayos, ngunit ang mga operasyong ito ay pinahihintulutan lamang kung napananatili ang kinakailangang sintaktikong relasyon. Ang hindi katanggap-tanggap na halimbawa (11) ay partikular na mahalaga sapagkat nagsisilbi itong patunay na ang mga marker ay maaaring maging bahagi ng *idiomatic constraint* ng isang ekspresyon.

Clausal idioms

- (12) Mapamomola so rata a ginawa niyan.
Perf-pamola NOM rata LINK ginawa 3SG.GEN
'Naitanim ang sama ng loob niya.'

- (13) Maaled sa problema so pikir aken
Perf-led OBL problema NOM pikir 1SG.GEN
'Nalunod sa problema ang isip ko.'
- (14) So kaplolot na miyakalo-ag sa masa imanto.
NOM kaplolot LINK Perf-lo-ag OBL masa imanto
'Ang ugnayan ng magkakamag-anak ay lumuwag sa panahon ngayon.'
- (15) So wata na miyamola sa rata sa ginawa.
NOM wata LINK Perf-pamola GEN rata OBL ginawa
'Ang bata ay nagtanim ng sama ng loob.'
- (16) *Da o mata na da o sa ginawa mabo
NEG GEN mata LINK NEG OBL GEN ginawa mabo
'Walang pakialam kahit sa sarili man.'

Sa mga halimbawa (12) – (16), mapapansin ang interaksyon ng morpolohiya, sintaks, at semantika. Sa halimbawa (12), ang paglalapi at reduplikasyon sa *mamola* upang maging *mapamomola* ay hindi nawawala ang idyomatikong interpretasyon nito. Ipinahihiwatig nito na ang bahagi ng pandiwa sa idyoma ay maaaring sumailalim sa produktibong morpolohikal na proseso ng Meranaw habang nananatili ang nakasanayang kahulugan ng buong konstruksyon.

Sa halimbawa (13), ang pagdaragdag ng *sa problema* ay nagpapalawak sa argumental o semantikong konteksto ng idyoma. Ang ekspresyon ay hindi nawawalan ng idyomatikong pagbasa sapagkat ang idinagdag na parirala ay hindi pumapasok bilang kapalit ng isang mahalagang leksikal na yunit. Sa halip, tinutukoy nito ang sanhi o saklaw ng estadong inilalarawan. Ipinakikita nitong ang *clausal idiom* ay maaaring maging bukas sa syntactic expansion kung ang idinagdag na materyal ay umaayon sa *argument structure* ng konstruksyon.

Ang halimbawa (14) ay nagpapakita naman ng posibilidad ng pagbabago sa ayos ng mga sangkap. Gayunman, ang pangangailangan sa marker na *na* ay nagpapakitang ang kakayahang magbago ng ayos ng mga salita ay hindi simpleng malayang pagpapalit-palit ng ayos. Kinakailangan pa ring markahan ang bagong sintaktikong relasyon upang maging gramatikal at mapanatili ang idyomatikong pagbasa. Sa ganitong punto, ang idyomang Meranaw ay nagpapakitang maaaring hindi nananatili ang *linear order* ng idyoma, ngunit nananatiling kontrolado ng gramatika ang relasyong istruktural ng mga yunit.

Higit na mahalaga rin ang halimbawa (15), sapagkat ang pagbabago ng marker ay hindi ganap na inaalas ang idyomatikong pagbasa rito ngunit nagbabago sa perspektiba o pokus ng konstruksyon. Ipinahihiwatig nito na ang ilang sintaktikong pagbabago ay maaaring magkaroon ng sistematikong epekto sa interpretasyon nang hindi kinakailangang gawing literal ang buong ekspresyon. Sa gayon, ang idyomatikong kahulugan ay hindi laging isang hindi nahahating *semantic unit*, ngunit sa ilang pagkakataon, nakikipag-ugnayan ito sa regular na gramatikal na paraan ng wika.

Sa kabilang banda, ang hindi katanggap-tanggap na halimbawa (16) ay nagpapakita ng hangganan ng ganitong fleksibilidad. Kapag naapektuhan ang marker na kinakailangan ng mismong konstruksyon, nawawala ang istruktural na istrukturang nagbibigay-daan sa idyomatikong pagbasa. Samakatuwid, ang *clausal idioms* ay maaaring maging fleksible sa antas ng morpolohiya, pagpapalawak, at ilang pagbabago sa ayos, ngunit nananatili na sumusunod sa mga limitasyong tiyak sa bawat istruktura.

Idiomatic phrases

- (17) Bolawan a sindaw o mata ko si Nabelah.
 Bolawan LINK sindaw GEN mata 1SG.GEN NOM Nabelah
 'Gintong liwanag ng aking mga mata si Nabelah.'

- (18) Tihaya sa poso aken si ome.
 Tihaya OBL poso 1SG.GEN NOM ome.
 'Ang ningning ng aking puso ay si nanay.'

- (19) Madakel siran i kataroo a mga wata.
 Madakel 3PL.NOM NOM kataroo LINK PL wata.
 'Marami ang sinasabi ng mga bata.'

Ang mga halimbawa (17) – (19) ay nagpapakita na ang *idiomatic phrases* ay hindi ganap na mga nananatiling yunit na hindi maaaring baguhin ang mga bahagi sa loob nito. Sa halimbawa (17), ang pagdaragdag ng *sindaw* sa *bolawan o mata* ay nagpapalawak sa representasyong konseptuwal ng idyoma. Mahalaga rito na hindi lamang panlabas na impormasyon ang idinagdag, nagkaroon ng modipikasyon sa loob mismo ng parirala. Ang pagpapanatili ng idyomatikong pagbasa sa kabila nito ay nagpapahiwatig na ang konstruksyon ay may *internal syntactic structure* na maaaring mapasailalim sa ilang prosesong gramatikal.

Gayunman, ang kakayahang tumanggap ng *modifier* ay hindi sapat upang ipagpalagay na ganap na komposisyonal ang idyoma. Ayon kina Espinal at Mateu (2019), ang *conceptual transparency* at *semantic compositionality* ay magkaibang katangian. Maaaring mapalawak ang metaporikal na imahe ng isang ekspresyon ngunit manatiling nakasalalay ang kabuuang kahulugan nito sa kumbensiyonal na interpretasyon. Sa *bolawan a sindaw o mata*, ang *bolawan* at *sindaw* ay nakapagpapalawak sa konseptuwal na paglalarawan, ngunit ang kabuuang kahulugan ay hindi pa rin simpleng literal na kabuuan ng mga salita.

Sa halimbawa (18), ang pagpapalit ng marker ay katanggap-tanggap dahil umaayon ito sa hinihingi ng mas malawak na sintaktikong konstruksyon. Ipinahihiwatig nito na hindi lahat ng marker sa isang idyoma ay bahagi ng hindi mababagong pangunahing mga salita ng idyoma. Ang ilang marker ay maaaring magkaroon ng pangunahing tungkuling gramatikal at maaaring magbago alinsunod sa istruktura ng pangungusap.

Gayundin, sa halimbawa (19), ang pagdaragdag ng panghalip na *siran* ay hindi nagpabago sa leksikal na pangunahing bahagi ng idyoma. Sa halip, nagbibigay ito ng referensiyal na impormasyon sa antas ng pangungusap. Ang ganitong idyoma ay nagpapakitang mahalagang tukuyin kung aling mga yunit ang kabilang sa *idiomatic core* at kung alin ang bahagi lamang ng mas malawak na gramatikal na istruktura.

Ang *idiomatic phrases* sa Meranaw ay nagpapakita ng *internal structure* at may limitadong kakayahang mabago sa mga operasyong sintaktiko. Hindi ganap na hindi nahahating leksikal na yunit, ngunit hindi rin sila malayang produktibong parirala. Ang kanilang fleksibilidad ay nakasalalay sa pagpapanatili ng mga yunit at relasyong responsable sa kumbensiyonal na idyomatikong interpretasyon.

Idiomatically Combining Expressions

- (20) So inged na gomaan iyan so mga kalombayaan
 NOM inged LINK gomaan iyan NOM PL kalombayaan
 'Ang komunidad ay instrumento nito sa mga kabataan.'

- (21) Sindaw a torogan so mga lokes.
 Sindaw LINK torogan NOM PL lokes.
 'Liwanag sa tahanan ng mga magulang.'
- (22) So pali kon sa darem na maregen bolongan.
 NOM pali ADV OBL darem LINK maregen bolongan.
 'Ang sugat daw sa sarili ay mahirap gamutin.'
- (23) *So pamikiran i marata ko pagari aken
 NOM pamikiran NOM marata GEN pagari ISG.GEN
 'Ang plano ng masama ng aking kapatid.'

Sa pananaw nina Espinal at Mateu (2019), ang idiomatically combining expressions o ICEs ay inaasahang magkaroon ng higit na sintaktikong fleksibilidad sapagkat ang mga bahagi nito ay maaaring magkaroon ng malinaw na kontribusyon sa kabuuang idyomatikong kahulugan. Makikita ang ganitong karaniwang katangian sa mga halimbawa (20)–(23), bagama't ipinakikita rin ng idyoma na ang pagiging *compositional* ay hindi nangangahulugan ng kawalan ng sintaktikong restriksiyon.

Sa halimbawa (20), ang pagbabago ng ayos ng mga yunit ay hindi naaalis ang idyomatikong pagbasa, ngunit nangangailangan ito ng mga marker at panghalip upang muling maipahayag ang wastong relasyong gramatikal. Mahalaga ito sapagkat naglalahad na ang mga sangkap ng ekspresyon ay may antas ng sintaktikong kalayaan. Maaari itong mailagay sa ibang konfigurasyon, ngunit ang kanilang relasyon ay kailangang muling markahan ayon sa gramatika ng Meranaw.

Sa halimbawa (21), ang pagbabago ng marker mula o tungo sa *a* ay hindi sumisira sa idyomatikong kahulugan. Ipinahihiwatig nito na ang marker ay hindi bahagi ng hindi mababagong *lexical core* ng ekspresyon. Sa halip, ang interpretasyon ay higit na nakasalalay sa semantikong relasyon ng *sindaw* at *torogan*. Ang ganitong uri ng *flexibility* ay umaayon sa inaasahang katangian ng ICEs, kung saan ang mga bahagi ay mayroong mas malinaw na kontribusyon sa kabuuang interpretasyon.

Sa halimbawa (22), ang pagdaragdag ng *kon* at kasabay na pagbabago sa marker ay nagpapakita ng mas komplikadong interaksyon ng mga elementong gramatikal. Hindi maaaring tingnan ang bawat pagbabago nang hiwalay, ang pagdaragdag ng isang elemento ay maaaring mangailangan ng pagbabago ng istruktura sa ibang bahagi ng konstruksiyon. Samakatuwid, ang *syntactic flexibility* ay hindi simpleng kakayahang magdagdag o magpalit ng salita kundi kakayahan ng idyoma na makibahagi sa regular na sistemang gramatikal ng Meranaw habang pinananatili ang idyomatikong interpretasyon.

Gayunman, nililimitahan ng halimbawa (23) ang posibilidad na ituring ang ICEs bilang ganap na malayang konstruksiyon. Ang hindi katanggap-tanggap na pagbabago ay nagpapakitang kahit ang komposisyonal na idyomatikong ekspresyon ay may *idiomatic constraints*. Ang mga yunit ay maaaring magkaroon ng sariling kontribusyong semantiko, ngunit nananatiling mahalaga ang partikular na relasyong sintaktiko at leksikal na nag-uugnay sa mga ito.

Sa kabuuang datos, ang sintaktikong katangian ng mga idyomang Meranaw ay mas angkop ilarawan bilang may antas ng kakayahang magbago at mga limitasyon kaysa bilang simpleng paghahati sa ganap na pananatili at ganap na malayang mga ekspresyon. Ang paglalapi at aspektuwal na pagbabago ay kabilang sa mga operasyong higit na tinatanggap, samantalang ang pagbabago ng marker at restrukturisasyon ng mga pangunahing yunit ay mas sensitibo sa uri ng idyoma. Ang pagdaragdag ng *modifier*, panghalip, at iba pang elementong pragmatiko ay karaniwang katanggap-tanggap kapag ang mga ito ay hindi pumapalit sa leksikal at istruktural na katangian ng ekspresyon.

Ang resulta ay nagpapakita na may ugnayan ang *semantic compositionality* at *syntactic flexibility*, at ang ilang ekspresyon ay maaaring tumanggap ng morpolohikal o sintaktikong pagbabago kahit nananatiling di-komposisyonal ang kanilang kabuuang kahulugan, samantalang maging ang mga *idiomatically combining expressions* ay maaaring magkaroon ng mahigpit na restriksiyon sa partikular na marker o konfigurasyon. Samakatuwid, ang pagiging fleksible ng idyoma ay kailangang suriin hindi lamang batay sa kung nagbago o hindi nagbago ang anyo nito, kundi batay sa uri ng operasyong gramatikal, lokasyon ng pagbabagong ito sa istruktura, at epekto nito sa idyomatikong interpretasyon.

Sa paglalahat nito, ipinakikita ng pag-aaral na ang mga idyomang Meranaw ay aktibong nakikipag-ugnayan sa regular na morpolohiya at sintaks ng wika sa halip na manatiling mga nakahiwalay at ganap na nananatiling yunit sa leksikon. Sa antas ng dokumentasyon, mahalaga ang pagtukoy hindi lamang sa anyo at kahulugan ng isang idyoma kundi pati sa mga pagbabagong maaari at hindi nito tanggapin. Ang ganitong paglalarawan ay nagbibigay ng mas masusing paglalarawan sa gramatikal na kaalaman ng mga tagapagsalita at nagpapalawak sa dokumentasyon ng Meranaw mula sa simpleng pagtatala ng mga ekspresyon tungo sa pagsusuri ng kanilang produktibidad at sintaktikong restriksiyon.

4. Konklusyon

Batay sa isinagawang pagsusuri, napatunayang ang mga idyomang Meranaw ay nagtataglay ng sistematikong sintaktikong organisasyon at hindi lamang mga nananatiling ekspresyong may di-komposisyonal na kahulugan. Natukoy na ang mga ito ay maaaring uriin sa limang kategorya: *quasi-idioms*, *phrasal idioms*, *clausal idioms*, *idiomatic phrases*, at *idiomatically combining expressions*, na nagpapakita ng magkakaibang antas ng sintaktikong kakayahang sumailalim sa mga pagbabagong gramatikal. Ipinakita rin ng pag-aaral na may mga idyomang nananatiling idyomatiko sa kabila ng paglalapi, pagbabago ng aspekto ng pandiwa, paggamit ng mga panghalip, *modifier*, at pagbabago sa ayos ng mga sangkap, samantalang ang iba naman ay may mahigpit na sintaktikong limitasyon upang mapanatili ang kanilang idyomatikong kahulugan. Pinatutunayan ng mga natuklasan na ang ugnayan ng sintaks at semantika ay mahalagang salik sa pag-unawa sa katangian ng mga idyomang Meranaw. Higit sa lahat, ipinakikita ng pag-aaral na ang mga idyoma ay hindi lamang bahagi ng sistemang pangwika kundi mahalagang tagapagdala ng kultura, pananaw, at karanasang panlipunan ng mga Meranaw. Sa gayon, nakapaga-ambag ang pananaliksik na ito sa dokumentasyon ng wikang Meranaw at sa pagpapalawak ng mga pag-aaral sa linggwistika, lalo na sa larangan ng sintaks at idyomatikong pagpapahayag ng mga katutubong wika sa Pilipinas.

5. Reperensya

- Bagha, K. N. (2011, November). A short introduction to semantics. Department of English, Islamic Azad University, Astara Branch, Astara, Iran.
- Esconde, G. G. M. (2023, March 30). Lexicographic description of Maranao language. University of Mindanao.
- Espinal, M. T., & Mateu, J. (2019). Idioms and phraseology. *Oxford Research Encyclopedia of Linguistics*. <https://doi.org/10.1093/acrefore/9780199384655.013.51>
- Lestari, T. E. (2019). Idiom structure with plan lexicon in German language. Universitas Negeri Surabaya. <https://typeset.io/pdf/idiom-structure-with-plan-lexicon-ingerman-language-zy97r3uo3f.pdf>
- Nediger, W. A. (2017). Unifying structure-building in human language: The minimalist syntax of idioms. University of Michigan.

- Mahmod, R. M. (2008). Syntax of phrasal verbs and idioms. Al-Mustansiriyah University College of Arts, Department of English.
- Mariani, N., Mu'in, F., & Al Arief, Y. (2019). An Introduction to syntax. Jurusan PBS FKIP Universitas Lambung Mangkurat, Banjarmasin, Kalimantan Selatan, Indonesia.
- Riana, H. (2023). The comparative meaning and structure of idiom in Korean novel Phalshipinyeonsaeng Kim Ji Young (82 년생 김지영) with its Indonesian translation (Study of semantics and syntax). Universitas Pendidikan Indonesia, Indonesia. <https://typeset.io/pdf/the-comparative-meaning-and-structure-ofidiom-in-korean-4oz3q9yifm.pdf>
- Salloum, S. A. (2020, April 7). A survey of semantic analysis approaches. <https://typeset.io/papers/a-survey-of-semantic-analysis-approaches-3xnt051gi3>
- Trotzke, A. (2015). How bizarre! A non-syntactic constraint on idiom syntax. Yearbook of the German Cognitive Linguistics Association, 3, 219-230. <https://dx.doi.org/10.1515/gcla-2015-001>
- Yusifova, G. I. (2013, May 23). Syntactic features of English idioms. Department of English History and Lexicology, Azerbaijan University of Languages, Baku, Azerbaijan.